RECORDS FILES

DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
RELEASED
DepED 10 MAR 2016
DATE:
NAME SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

---

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 102, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Paaralang Elementarya

Mula kay : **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **PANSANGAY NA WORKSHAP SA PAGBUO NG *BIG BOOK* PARA SA BAITANG 1 AT BAITANG 2**

Petsa : Marso 10, 2016

---

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng **Pansangay na Workshap sa Pagbuo ng *Big Book* Para sa Baitang 1 at Baitang 2** (live in workshop) ngayong darating na Abril 4-5, 2016 sa **Top Plaza Hotel, Lungsod Dipolog.**

2. Ang workshap ay naglalayong:
   a) makabuo ng mga *Big Book* na magagamit sa pagsasanay at paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral;
   b) mapahalagahan ng mga guro ang mga akdang pampanitikan at magkaroon ng kaukulang magagaling na babasahing instruksyunal at iba pang kagamitan;
   c) mabigyan ng pagkakataon ang mga guro na maging mapanuri sa mga akdang pampanitikan;
   d) maibahagi sa mga guro ang mga nalikom na mga maikling kuwento na angkop sa Una at Ikalawang Baitang; at
   e) masalamin ng mga guro ang mga mabisang paraan ng paggamit ng **Big Book.**

3. Ang lalahok sa workshap na ito ay dalawang guro sa Filipino na nagtuturo ng Baitang 1 at dalawang guro rin para sa Baitang 2 mula sa bawat distrito.

4. Ang mga kalahok ay magsidating ng Abril 3, 2016 para sa check in time -1:00 PM at ang check out time – 12:00Noon – Abril 5, 2016.

5. Buksan ang workshap sa isang maikling palatuntunan sa bandang ikatatlo ng Hapon, Abril 3, 2016.

6. Mas mainam na magaling sa Sining ang sasali rito dahil ***illustrator*** siya ng kanyang sariling gawang **Big Book.**

7. Ang dadalo sa workshap ay magdala ng mga kagamitan (pentel pen, krayola/water color, gunting, lapis, ruler/T-square, cartolina, paper fastener, stapler atbp.) na gagamitin sa pagbuo ng **limang Big Book** bilang awtput ng naturang seminar.

8. Ang pambili ng mga kagamitang banggit sa **bilang 7** ng Memorandum na ito at ang pamasahe ng mga dadalo mula sa pinanggalingan at pabalik ay dapat manggagaling sa pondo lokal ng paaralan.

9. Ang **board and lodging at iba pang incidental expenses** sa loob ng dalawang araw na palihan ay kukunin mula sa Division Office INSET Funds na susunod sa pinagkagawiang regulasyon ng pagsusuma at pag-oodit.

10. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.